令和６年度（フィリピノ語版）
高等学校・高等専門学校在学者対象
三重県高等学校等修学奨学金　申込みの案内

緊急採用
Urgent Application

# School Year 2024
# Para sa Senior High school at Technical Professional High School
# Educational Loan para sa Senior High School sa Mie Prefecture
# Gabay para sa aplikasyon

***PANIMULA***

**Programa ng Mie para sa educational loan sa mga mag-aaral na matiyaga sa pag-aaral ngunit may suliraning pinansiyal sa pagpasok sa Senior High School. Para sa pagpapatuloy ng programang ito para sa mga susunod na henerasyon ng mag-aaral, hinihiling na ito ay bayaran pagkatapos maka-graduate.**

Ang urgent application ay isang sistema para maka apply sa scholarship kapag biglang nagbago ang budget ng pamilya at biglang kinailangan ng scholarship. Maaari kang mag-apply sa mga sumusunod na kaso.

1. Kapag ang kita ng pamilya ay biglang kumonti dahil sa paghiwalay ng magulang, pagkawalan ng trabaho, pagkabankrupt, pagkasakit, pagkakamatay atbp.
   (Kasama na dito ang mga kaso kung saan malinaw na ang siwasyon na ang kita ng pamilya ay kokonti sa future).
2. Kapag ang disaster (sunog o natural disaster) ay may malaking epekto sa financial ng pamilya.
3. Kapag nagpapatuloy ang paghihirap sa financial.

## MGA KONDISYON SA APLIKASYON:

1. Kinakailangan na ang magulang o Custodian ay naninirahan sa Mie Prefecture. ( kung ang estudyante ang aplikante, kinakailangan na nasa legal na edad.
2. Kinakailangang ang aplikante ay kasalukuyang nag-aaral　sa Senior High School.
3. Kinakailangan na ang kita ng pamilya sa future ay mas mababa sa isang tiyak na standard.

| Miyembro ng pamilya | 3 miyembro pababa | 4 miyembro | 5 miyembro | 6 miyembro | 7 miyembro |
|---|---|---|---|---|---|
| Maximum na income | ¥5,900,000 | ¥6,800,000 | ¥8,300,000 | ¥9,000,000 | ¥9,800,000 |

※Huwag isama sa bilang ng household ang lolo, lola, at mga anak na nasa 20 years old pataas.

4. May katiyakan ang pagtatapos. Matiyaga at masigasig sa pag-aaral.
5. Maaaring kumuha ng ibang guarantor maliban sa magulang o guardian.

※　May iba pang mga kundisyon. Magtanong lang kayo sa amin sa oras ng aplikasyon para sa mga detalye.

## HALAGA NG MAARING HIRAMIN:

| Uri ng Senior High School | Tuition fee（monthly） | Lump-sum amount sa enrolment (matrikula) |
|---|---|---|
| Public | ¥8,000,¥13,000,¥18,000,¥23,000(maaring mamili) | ¥40,000　at　¥80,000　(maaring mamili) |
| Private | ¥20,000,¥25,000,¥30,000,¥35,000(maaring mamili) | ¥50,000　at　¥100,000　(maaring mamili) |

※Walang interes o tubo ang loan
※Maaring pumili sa monthly or lump-sum amount o kahit pareho.
※Ang school excursion fee ay para sa mga nag-apply sa first grade sa Abril (o Mayo).

## PARAAN NG APLIKASYON:

| | |
|---|---|
| LUGARNG | Senior High School Student sa Mie…….…sa pinapasukang paaralan<br>Senior High School Student mula sa ibang lugar……Mie Board of Education Finance Division. |
| APLIKASYON | Maaaring mag apply ng urgent application kahit kailan, maliban sa buwan ng Marso at Hunyo. |
| ARAWNG PAG-PPLY | Mga kailangang dokumento para sa aplikasyon ay (application form, resident`s card ng lahat ng miyembro ng pamilya, income tax certificate ng tatay at nanay (yung pinakabago), dokumentong nagpapakita ng kasalukuyang income (salary statement ,atbp.) |

## IBA PANG IMPORMASYON:

1. Hinihiling nabayaran ang nasabing loan pagka-graduate. Ang panahon ng pagbabayad ay sa loob ng 12 taon (maaaring gawing 15 taon 0 18 taon ang panahon ng pagbabayad para sa mga tumanggap ng mas mataas sa regular o fix na halaga).Para naman sa mga nais magpatuloy sa college,ay maaaring mag-apply para sa delay of payment.
2. Bukod sa magulang kakailanganin pa ang 1 tao na tatayong guarantor (na kasalukuyang nakatira sa Mie at hindi bababa sa edad na 65 taon sa unang buwan ng pagbabayad ng loan at may kakayahang pang-pinansyal).　Matapos makumpirma ang pagtanggap sa loan, kakailanganin ang Inkan Certificate ng guarantor.

◆Contact details: Maaring magtanong sa mga nakasulat sa ibaba.

**①sa pinapasukang paaralan**

**②Mie Board of Education Finance Division.**

**〒514-8570　Mieken Tsushi Komei chou 13**

**【Tel】 059-224-2944**

**【Oras ng opisina】 Mula Lunes 〜Biyernes　8:30〜17:00**

★Pwede rin i-check ang Mie Prefecture Board of Education website (Education in Mie Prefecture)

※ I click ang“pencil mark”sa homepage o mag-access sa 2D barcode.